## KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 99-024

**KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAG-AAMYENDA SA SEKSIYON 9.1.7 NG KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 96-66 NA LALONG KILALA SA TAWAG NA "ORDINANSA PARA SA MGA TRAYSIKEL SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA, TAONG 1996", UPANG MAIDAGDAG ANG SONANG JPA SUBDIVISION, BARANGAY TUNASAN, LUNGSOD NG MUNTINLUPA, AT SA IBA PANG LAYUNIN.**

*********************************************************************

Ipinanukala ni: **Kon. Lucio B. Constantino**

*********************************************************************

**SAPAGKAT,** ang JPA Subdivision, Barangay Tunasan, Lungsod ng Muntinlupa, ay isang maunlad at mataong subdivision na ang pangunahing pangangalailangan ng transportasyon ay kayang-kayang matugunan ng mga pampublikong traysikel;

**SAPAGKAT,** dahil sa kagustuhang kumita at upang magkaroon ng masasakyan ang mga naninirahan sa JPA Subdivision anumang oras na kailanganin nila, bumili ng mga traysikel ang mga lehitimong taga-JPA Subdivision , pumasada at itinatag ang samahang JPA Tricycle Operators and Drivers Association (JPA-TODA) upang ang ruta ay huwag mapasok ng taga-ibang lugar;

**SAPAGKAT,** dahil sa hindi kasama ang JPA Subdivision sa mga sona na may awtorisadong yunit na itinakda ng Kautusang Panlungsod Blg. 96-66 at maging sa mga amyenda nito, ang kanilang pamamasada sa JPA ay walang katayuang ligal kaya madalas silang mahuli ng mga kagawad ng TRU at TED at sa tuwing mahuhuli naman sila, higit na naaapektuhan ang mga residente ng JPA Subdivision dahil wala na naman silang masasakyan;

**SAPAGKAT,** nakikita ng TRU, MTFRB (Muntinlupa Tricycle Franchising and Regulatory Board) at ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang kahalagahan ng serbisyo ng pampublikong traysikel sa JPA Subdivision;

**SAPAGKAT,** taglay na ng JPA-TODA ang lahat ng kwalipikasyon upang kilalaning opisyal na TODA sa JPA Subdivision

**NGAYON, DAHIL DITO,** isinabatas ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang mga sumusunod:

Seksiyon 1. Ang Seksiyon 9.1.7 ng Kautusang Panlungsod Blg. 96-66 na nagtatakda ng mga sumusunod ay dadagdagan ng APATNAPUNG (40) Awtorisadong yunit para sa sona/rutang JPA-SUBDIVISION;

| BARANGAY | SONA/RUTA | AWTORISADONG YUNIT |
|---|---|---|
| 9.1.7<br>TUNASAN | Tunasan Proper<br>Villa Carolina 11<br>Park Homes<br>Villa Carolina | <br>210<br>65<br>40 |

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

*Pahina 2*
*Kautusang Panlungsod blg. 99-024*

Ang bagong probisyon ay babasahin ayon sa sumusunod:

| BARANGAY | SONA/RUTA | AWTORISADONG YUNIT |
|---|---|---|
| 9.1.7 TUNASAN | Tunasan Proper | |
| | Villa Carolina 11 | 210 |
| | Park Homes | 65 |
| | Villa Carolina | 40 |
| | JPA Subdivision | 40 |

Seksiyon 2: ***KINIKILALA*** bilang opisyal na **TODA** at tanging may karapatan sa prangkisa at awtorisadong mga yunit sa ruta/sonang JPA SUBDIVISION ang **JPA TRICYCLE OPERATIONS AND DRIVERS ASSOCIATION.**

Seksiyon 3: ***Sugnay*** na nagbibigay bisa. Ang kautusang ito ay magkakabisa kaagad.

**PINAGTIBAY** ng ***Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa*** ngayong **8 Marso 1999,** sa ginanap na ika-**30 Regular na Sesyon.**

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

***Mggl.* RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
Konsehal

***Mggl.* PATRICIO L. BONCAYAO, *JR.***
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, *JR.***
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

***Dr.* NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, *Jr.***
*Konsehal*

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod



**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sang. Kabataan*

**LIBAN:**

*Mggl.* **JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kautusang Panlungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUNAYAN:**

**VICENTE Y. CHUA**
Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY:**

**ATTY. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
Date: 3-17-99

Nory